


Ang Pag-init ng Globo

Ang karaniwang temperatura ng mundo ay tumaas sa huling 100 taon. Ang ibig sabihin nito na ang karaniwang temperatura ng mundo ay pataas nang pataas.

Ang karaniwang temperatura ng mundo ay 0,8 na grado mas mataas ngayon kaysa sa nakaraang 100 na taon. Ang tawag dito ay pag-init ng globo. Ang dahilan ng pag-init ng globo ay pagtaas ng mga emisyon na gas galing sa mga greenhouses papuntang atmospera.



Greenhouse Gas

Ang atmospera ay nakapaligid sa mundo. Sa labas ng atmospera ay ang kalawakan. Mahigit na 270 gradong Celsius ang kalawakan.

Ang atmospera ay binubuo ng iba't ibang gas, katulad ng singaw ng tubig at carbon dioxide. Ang singaw ng tubig at carbon dioxide ay tinatawag na greenhouse gas. Ang mga ito ay tinatawag na greenhouse gases dahil pinoprotektahan ng mga ito ang mundo para ang init ng araw hindi maglalahi sa kalawakan. Kapag ang prosesong ito ay natural na nangyayari at ang temperatura ng

mundo ay hindi nag-iiba, ito ay balanse. Masasabi natin na ang greenhouse gas ay nagsisilbing lambong sa paligid ng mundo.

Pinapakita ng guhit sa taas kung paano sinisipsip ng ibabaw ng lupa ang ilang sinag ng init ng araw. Ang ibang sinag ay naaaninag sa kalawakan habang ang ilan namang sinag ay nasasalamín pabalik sa lupa kapag tumama ang mga ito sa atmospera. Kapag natural itong nangyayari, ang karaniwang temperatura sa mundo ay humigit-kumulang sa 15 grado.

Ang Epekto ng Greenhouse ay Likha ng Tao

Ang isang mahalagang dahilan ng pag-init ng globo ay ang pagtaas ng epekto ng greenhouse na likha ng mga tao. Ang epekto ng greenhouse na likha ng tao ay dahil ang mga tao ay nagluluwal ng mas maraming carbon dioxide sa atmospera. Nangyayari ito sa pamamagitan ng pagsunog ng fossil fuel o mga enerhiyang galing sa naagnas na mga organikong bagay tulad ng langis, gas at uling para makakuha tayo ng enerhiya. Ang guhit sa ibaba ay nagpapakita ng ilang pinagmulan ng mga emisyon ng carbon dioxide.



Ang langis, gas at uling ay naglalaman ng maraning karbon. Ang carbon dioxide ay nabubuo kapag ang karbon ay sinunog at nagkaroon ng reaksiyon sa oksidyon. Tinatawag din natin ang karbon

dioxide na isang greenhouse gas dahil ang pagtaas ng emisyon ng carbon dioxide ay nakakaapekto sa klima ng mundo.

Kapag nagsunog tayo ng mga enerhiyang galing sa naagnas na mga organikong bagay tulad ng langis, karbon o gas, nakakawala ang karbon na nakuha mula sa atmospera maraming milyong taon na ang nakalipas kaya dumadami ang carbon dioxide sa atmospera. Masasabi natin na kumakapal ang lambong na nakapaligid sa mundo. Ang karaniwang temperatura ay tumataas, at nagkakaroon tayo ng mas mainit na klima sa mundo – ang pag-init ng globo.

Mga Pinagkukunan ng Enerhiya na Hindi na Muling-Mapapalitan

Ang langis, uling o gas ay mga pinagkukunan ng enerhiya na hindi na muling mapapalitan. Kapag ang isang bagay ay hindi na mapapalitan, hindi ito magagamit nang maraming beses. Ibig sabihin, ito ay mauubos.

Ang langis, gas at karbon ay nabuo ng mga halaman at hayop na nabuhay maraming milyong taon na ang nakalilipas. Ang mga patay na halaman at hayop ay inanod sa dagat, at sa huli ay natakpan sila ng makapal na patong ng lupa at putik. Ang makapal na patong ng lupa at putik ay humantong sa mataas na presyon. Ang mga patay na hayop at halaman ay naging langis, uling o gas dahil sa mataas na presyon, kasama ang init ng heothermal. Tumatagal ng milyun-milyong taon bago maging langis, uling at gas ang mga patay na hayop at mga labi ng halaman.

Mga Bunga ng Pag-init ng Globo

Ang mga gawa ng tao dahil sa emisyon ng carbon dioxide ay nakakaapekto sa tunguhin ng presipitasyon, pag-init ng karagatan at nararagdagan nito ang pagtunaw ng mga glacier at yelo sa dagat. Ang mga pinakamahirap na tao sa mundo ang matinding tinatamaan ng pagbabago ng klima. Ngunit ang mga negatibong kararatnan nito ay nakakaapekto rin sa Norway at iba pang mayayamang bansa.

Tunguhin ng Presipitasyon

Ang pag-init ng globo ay nakakaapekto sa tunguhin ng presipitasyon. Sa mga lugar na kaunti ang ulan, ang mga ito ay lalong mas natutuyo; at kung saan maraming ulan, lalong dadalas pa ang ulan.

Kaya magkakaroon ng mas maraming tagtuyot sa ilang mga lugar, at mas maraming pagbaha sa ibang mga lugar. Ang mga baha at tagtuyot ay lumilikha ng mga problema para sa mga hayop, halaman at tao.



Mas Matinding Panahon

Ang matinding panahon ay napakalakas na hangin at sobrang ulan o niyebe. Sa larawan sa ibaba makikita mo ang pinsala pagkatapos ng isang bagyo kung saan ang mga gusali, kalye at kalikasan ay napinsala. Pagkatapos ng matinding panahon, maaari ring mahirapan maghanap ng malinis na tubig.



Natutunaw ang Yelo

Habang umiinit, mas maraming yelo ang natutunaw sa Antartiko at Artiko, at ang mga glacier sa buong mundo ay paliit nang paliit. Ito ay may mga negatibong kahihinatnan para sa mga tao, halaman at hayop sa buong mundo. Magbabago ang kabuhayan ng mga hayop, halaman at tao na nakatira sa mga lugar na maraming yelo. Kung ang yelo ay matutunaw nang napakabilis, ang mga hayop at halaman na nabubuhay sa yelo at sa ilalim ng yelo ay hindi makakaangkop sa mabilis na pagbabago.



Kung kaunti lang ang yelo, halimbawa, ito ay makakaapekto sa karnerong-dagat, isang hayop na nabubuhay sa yelo. Ito ay nabubuhay sa yelo, nanganganak ito sa yelo at ito ay nagpapahinga sa yelo. Kapag papaunti nang paunti ang yelo, mas mahihirapan ang karnerong-dagat at bababa ang populasyon ng mga ito. Ang isa pang halimbawa ay ang mga polar bear. Ang polar bear ay nabubuhay rin sa yelo, at isang mahalagang pagkain nito ay ang mga karnerong-dagat. Kapag nabawasan ang yelo, liliit ang lugar ng tirahan ng mga polar bear upang mabuhay, kukulangin sila ng pagkain, at ang populasyon ng mga ito ay bababa.

Mga Pinagkukunan ng Enerhiya na Mabuti Para sa Klima

Tayong mga tao ay nangangailangan ng enerhiya. Gayunpaman, hindi tayo magsusunog ng mga enerhiyang galing sa naagnas na mga organikong bagay nang hindi tumataas ang karaniwang temperatura sa mundo. Nangangahulugan ito na dapat nating gamitin ang mga berdeng pinagkukunan ng enerhiya na tinatawag ding mga pinagkukunan ng enerhiya na mapapalitan o mga pinagkukunan ng enerhiya na mabuti para sa klima upang mabawasan ang epekto ng greenhouse.

Ang kuryente na mula sa tubig, ang kuryente na galing sa hangin at kuryente na galing sa araw ay mga halimbawa ng mapagkukunan ng enerhiya na mas makakabuti para sa klima kaysa sa mga enerhiyang galing sa naagnas na mga organikong bagay.



Mga piniling terminolohiya sa teksto

klima	global		pag-init ng globo
epekto ng greenhouse	emisyon ng greenhouse		greenhouse gas
atmosfera	nasasalamín		sinisipsip
mapapalitan	di-mapapalitan		enerhiya
enerhiyang galing sa naagnas na mga organikong bagay		matindi	matinding panahon
presipitasyon	tunguhin ng presipitasyon		kararatnan

Alle illustrasjoner er fra Shutterstock.com